**Tanggapan ng Panrehiyong Direktor**

Hulyo 14, 2023

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 270 s. 2023

**SEREMONYA NG PAGTATAAS NG WATAWAT**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagamasid Pansangay sa Filipino
Puno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Puno ng mga Sangay sa Tanggapang Panrehiyon

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon V bilang pagtugon sa Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041 s.1997 ay magsasagawa ng sabay-sabay na Seremonya ng Pagtataas ng Watawat sa Hulyo 31, 2023 (Lunes), 8:00 ng umaga bilang simbolikong pagbubukas ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 na may temang "Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan".

2. Inaasahan na makikiisa sa gawain ang lahat ng antas ng tanggapan mula sa rehiyon, dibisyon, at mga paaralang publiko maging sa pribado.

3. Hinihiling sa mga dadalo na magsuot ng simpleng kasuotang Pilipino, at gawing simple at marangal ang seremonya gamit ang wikang Filipino.

4. Para sa pagkakapareho ng daloy, iminumungkahi ang sumusunod:
   a. Pambansang Awit
   b. Panalangin
   c. Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas
   d. Panunumpa ng Lingkod Bayan (Rebisyon 2021)
   e. Bisyon, Misyon, at Pangunahing Halagahan ng DepEd
   f. Patakaran ng Kalidad ng DepEd
   g. Pag-awit ng Martsa ng Bicol/Martsa o Himno ng Dibisyon/Paaralan
   h. Iba pang bilang (kung mayroong inihanda ang tanggapan)

5. Para sa inyong patnubay at kaukulang aksiyon.

**GILBERT T. SADSAD**
Panrehiyong Direktor

DEPED DIVISION OF CATANDUANES RECORDS SECTION
RELEASED
BY: 20 JUL 2023 4:45

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION V - BICOL
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES**

July 20, 2023

TO: Assistant Schools Division Superintendent
Chiefs, CID & SGOD
Office / Unit Heads
All SDO Personnel

For widest dissemination to all concerned.

**SOCORRO V. DELA ROSA, CESO V**
Schools Division Superintendent